Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 ENERO 2005, IKA 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Agustin L. Cusi - Acting Municipal Vice Mayor/ Tagapangulo

Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Larry V. Salazar - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento – Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Acting Municipal Mayor

KAPASYAHAN BLG. 003
Taong 2008

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG G. ALEJANDRO M. GELINDON, DATING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si G. Alejandro M. Gelindon ay isang dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKAT, bilang kawani ginampanan niya ang kanyang gawain ng may pagmamalasakit, tapat at pagmamahal upang maging karapatdapat sa mga tungkuling iniatang sa kanya ng Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, sa paglisan ng itinuturing na kaibigan, kapatid at kasamahang naglingkod sa Pamahalaang Bayan ng Roxas ay ipanagdadalamhati ng lahat na sa kanya ay nagmamahal;

SAPAGKAT, ang isang ama ng tahanan na nagsikap upang maitaguyod ang kapakanan ng kanyang asawa at mga anak ay isang malaking kawalan at nagdulot ng kalungkutan sa kanyang minamahal na pamilya;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas kasama ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Lokal ay nagpapaabot ng tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa naulila at naiwang pamilya ng namayapang Alejandro M. Gelindon.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong dating kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, G. Alejandro M. Gelindon ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Lokal.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga anak at kamag-anak ng namayapang G. Alejandro M. Gelindon lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 07 Enero 2008

PINATITIBAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN.

AGUSTIN L. CUSI
Acting Municipal Vice Mayor /
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Acting Municipal Mayor

fvt/010708